ANO ANG DAPAT GAWIN KUNG PINAGHIHINALAAN MONG IKAW O ANG ISANG KAKILALA MO AY PINAGSASAMANTALAHAN O BIKTIMA NG TRAFFICKING?

May malawak na suportang panlipunan na magagamit para sa mga biktima ng human trafficking (pangangalakal ng tao) tulad ng tulong sa pabahay, referral sa mga pangkalusugang propesyonal, pangkaisipan at suportang panlipunan, legal aid na serbisyo pati na ang payo sa katayuan ng imigrasyon, mga pagwawasto ng pamantayan sa trabaho, mga reklamong sibil at kriminal. Ang British Columbia ay may mga dalubhasang propesyonal na may kasanayang magbigay ng komprehensibong suporta sa kaso ng mga survivor ng trafficking.

Mahalagang tandaan na ang suportang ito ay makukuha ng sinumang biktima ng trafficking, kahit na ang mga taong walang balidong work permit o iba pang mga dokumento ng pagkakakilanlan. Ang mga biktima ng human trafficking na walang status ay maaaring mag-aplay para sa pansamantalang resident permit upang maregularisa ang kanilang katayuan sa imigrasyon.

Sa British Columbia, ang **Office to Combat Trafficking in Persons** ay nagtatrabaho upang pigilin ang trafficking ng tao at nagkokoordina ng mga serbisyo para sa mga nabiktima ng trafficking.

Kung may hinala kang ikaw o sinumang kakilala mo ay biktima ng pagsasamantala o trafficking, mangyaring tumawag sa:

1-888-712-7974

Ang numerong ito ay matatawagan ng libre, 24 na oras bawat araw, 7 araw sa isang linggo. Mga Espesyalista na sadyang sinanay at handang tumulong sa mga survivor ng human trafficking. May makukuhang mga tagapagsalin (interpreter) sa mahigit sa 110 wika.

MGA MAPAGKUKUNAN/ RESOURCES

Para sa emerhensya tumawag sa: **9-1-1.**

Office to Combat Trafficking in Persons
1-888-712-7974 (Libreng matatawagang telepono sa BC,
24 na oras, 7 araw sa isang linggo)
604-660-5199
May makukuhang mga tagapagsalin (interpreter)
sa mahigit sa 110 wika.

RCMP
Human Trafficking Awareness Coordinator
pacifichumantraffickingcoordinator@rcmp-grc.gc.ca

Crime-Stoppers
Mag-ulat ng krimen nang hindi nagpapakilala:
1-800-222-8477

West Coast Domestic Workers Association
#302-119 West Pender
Vancouver, BC V6B 1S5
1-888-669-4482 (Libreng matatawagang telepono)
604-669-4482
www.wcdwa.ca

MOSAIC
1720 Grant St., 2nd Floor
Vancouver, BC V5L 2Y7
Telepono: 604- 254 9626
www.mosaicbc.com

WorkSafe BC
1-888-967-5377
www.worksafebc.com

Employment Standards Branch
www.labour.gov.bc.ca/esb/

Citizenship and Immigration Canada
1-888-242-2100
www.cic.gc.ca

BRITISH COLUMBIA Ministry of Justice

Ang proyektong ito ay naisakatuparan sa tulong ng Probinsiya ng British Columbia.

MAKABAGONG PANG-AALIPIN

Paglaban sa Pagsasamantala at Trafficking ng mga Dayuhang Manggagawa sa Ating mga Komunidad

MOSAIC

West Coast Domestic Workers' Association

SINO BA ANG ISANG DAYUHANG MANGGAGAWA O "FOREIGN WORKER"?

Ang isang dayuhang manggagawa o foreign worker ay isang tao na nagtatrabaho sa Canada pero hindi isang Canadian citizen o permanenteng residente ng Canada. Bawat taon, mahigit sa 150,000 na mga dayuhang manggagawa ang dumarating sa Canada upang magtrabaho ng iba't-ibang mga gawain kabilang ang: mga live-in caregiver, manggagawa sa agrikultura, mga inhinyero, doktor, mga tao na nagtatrabaho sa industriya ng konstruksiyon at mga nagtatrabaho sa hospitality.

Ang lahat ng mga manggagawa sa Canada, pati na ang mga dayuhang manggagawa ay protektado ng batas ng Canada kabilang ang trabaho, batas sa paggawa at kriminal na batas. Kahit na ikaw ay isang dayuhang manggagawa na walang balidong work permit, protektado ka pa rin ng batas.

ANO ANG PANGANGALAKAL NG TAO O "HUMAN TRAFFICKING"?

Ang pangangalakal ng tao o human trafficking ay lumalaking pandaigdig na krimen. Tinatantya ng United Nations na sa anumang oras na maitakda, may halos 2.5 milyong mga tao na sapilitang pinagtatrabaho, kabilang ang sexual, na resulta ng human trafficking[1], na may taunang pandaigdig na kita na $31.6 bilyon[2].

Ayon sa pandaigdig na batas at batas ng Canada, ang kahulugan ng trafficking ay ang pag-recruit, pagbibiyahe, paghawak o pagtanggap ng mga tao sa pamamagitan ng paggamit ng puwersa, kasinungalingan, pandaraya, pag-abuso sa kapangyarihan, o pagbabayad para sa layunin ng pagsasamantala. Ang mga taong tina-traffic ay pinupuwersa, minamanipula, nililinlang o pinagagawa ng mga serbisyong labag sa kanilang kalooban. Madalas, nangangamba sila para sa kanilang kaligtasan o kaligtasan ng mga taong kilala nila.

Ang krimen ng human trafficking *ay hindi* lamang nangangahulugan na kasangkot sa anumang uri ng transportasyon, paglipat o pagbibiyahe ng mga tao. Sa madaling salita, ang trafficking ay maaari - at nangyayari sa loob ng Canada. Ang depinisyon ng trafficking ay ang pagkontrol sa mga tao para sa layunin ng pagsasamantala at paggamit ng pagmamanipula, panlilinlang, pamimilit o pamumuwersa.

MAPANLINLANG NA PAG-RECRUIT

Madalas na ang mga dayuhang manggagawa ay nagbabayad ng libu-libong dolyar para sa ilegal na placement fees sa "employment agencies" na broker ng trabaho nila sa Canada. Maraming mga manggagawa ang dumarating sa Canada upang malaman lamang na wala pala silang trabaho sa Canada o matuklasan na ang trabaho ay malaki ang pagkakaiba sa kanilang pinirmahan.

Dahil sa bago sa Canada, na walang lugar na matitirhan, walang sumusuporta, at may utang dahil sa placement fees, maraming mga manggagawa ang lumalapit muli sa parehong agent o sinumang agent para humingi ng karagdagang tulong.

[1] International Labour Organization, *Forced Labour Statistics Factsheet* (2007)
[2] Patrick Besler, *Forced Labour and Human Trafficking : Estimating the Profits*, working paper (geneva, Internal Labour Office, 2005



Ang mga agent ay madalas na nangangako sa manggagawa na maaaring maregularisa ang kanilang status kung magbabayad ng fee, gumagamit ng pagbabantang idi-deport o iba pang paraan ng pamimilit upang makontrol ang huli. Samantala, hinihimok ng agent ang manggagawa na gumampan ng hindi awtorisadong trabaho o " work under the table."

HUMAN TRAFFICKING NG MGA DAYUHANG MANGGAGAWA

Sinuman ay maaaring maging biktima ng human trafficking, datapuwa't ang mga dayuhang manggagawa ay maaaring ang pinakaapektado ng pagsasamantala sa maraming dahilan. Karamihan sa mga dayuhang manggagawa ay walang pagpipiliang trabaho, hiwalay sa lipunan dahil mga baguhan sila sa bansa, mayroong mga utang para makaalis sa kanilang bansa at nahaharap sa mga hadlang sa pagsalita ng wika. Ang isang dayuhang manggagawa ay partikular na mahina kung siya ay nagmula sa isang bansang hindi matatag ang ekonomiya o pulitika, at naglalayon na magkaroon ng mas mabuting buhay subali't may maliit na pagkakataong pang-ekonomiya o panlipunan upang gawin ito.

Kabilang sa mga karaniwang halimbawa ng labour trafficking ang:

- Mga tao na nagtatrabaho bilang live-in caregiver o domestic sa mga tahanan na walang legal work permit, sapilitang pinagtatrabaho ng mahabang oras na walang break, walang day off, kapalit ng maliit na kabayaran dahil natatakot silang maireport sa mga awtoridad;
- Mga seasonal na manggagawa sa agrikultura na binabantaan na sila'y iba-blacklist at hindi na pahihintulutang bumalik sa Canada kapag hindi sila sumunod sa mga utos ng tagapag-empleyo.
- Mga short order cook at food service staff sa mga fast food restaurant na nagtatrabaho ng 12 hanggang 14 na oras bawat araw para sa maliit na sahod kapalit ng pangako ng kanilang tagapag-empleyo para sa pagpili o nominasyon sa permanent residence alinsunod sa provincial nominee program.
- Mga manggagawa sa manufacturing na sapilitang pinagtatrabaho sa mga hindi ligtas at hindi malusog na kondisyon habang ang kanilang sahod ay binabawasan nang malaki upang bayaran ang recruitment fees.

Sa kabila ng ganitong sitwasyon, marami pa ring mga dayuhang manggagawa ang nabibiktima ng mga trafficker, ginagamitan ng karahasan, pagbabanta, kasinungalingan, at pananakot upang puwersahin silang magtrabaho, at papaniwalain na walang ibang pagpipilian kundi ang patuloy na pagtatrabaho.

PAANO MALALAMAN KUNG ANG ISANG DAYUHANG MANGGAGAWA AY MAAARING PINAGSASAMANTALAHAN O BIKTIMA NG TRAFFICKING?

Ikaw, o ang isang taong kakilala mo, ay maaaring pinagsasamantalahan o biktima ng trafficking na dayuhang manggagawa, kapag ang isa o higit pa sa mga sumusunod na kondisyon ay tumutukoy sa iyo:

- ikaw ay pinupuwersang magtrabaho o magbigay ng isang serbisyo nang labag sa iyong kalooban;
- ikaw ay nagtatrabaho para sa kaunting sahod o walang bayad sa ilalim ng hindi mabuting kondisyon;
- ikaw ay sapilitang pinagtatrabaho nang labis sa oras at hindi pinapayagang mag-break;
- ikaw ay inaalipusta, inaabuso at pinagbabantaan ng karahasan;
- ikaw ay kinukulong at binabantayan habang nagtatrabaho / hanggang sa mga personal na lugar mo upang pigilin kang makipag-ugnay sa iba o umalis sa lugar ng trabaho /tinitirhan;
- ikaw ay walang kontrol at hindi mo hawak ang iyong passport o iba pang mga personal na dokumento ng pagkakakilanlan;
- ikaw ay may mga pagbabawal sa kung kailan at saan ka maaaring magpunta at kung ano ang maaari mong gawin;
- ikaw ay laging sinasamahan ng ibang tao na nagsasalita para sa iyo;
- ikaw ay may mga problema sa kalusugan na hindi ipinagagamot;
- ikaw ay natatakot at karaniwang nababalisa sa mga pulis o iba pang mga awtoridad
- ikaw ay pinagkakaitan ng privacy sa tinitirhan at/o live in shared, sobrang-sikip ng tinutuluyan na kasama ang iyong mga kasamahan;
- ikaw ay pinagbabantaan ng iyong tagapag-empleyo ng karahasan, pananakit, ipapaaresto o ipapa-deport;
- ikaw ay nililimitahan na makipag-ugnay sa mga kaibigan, pamilya o iba pa sa komunidad;